

Pangangasiwa Sa Iyong Tagabigay

Bilang isang tagapag-employo, kakailanganin mong pangasiwaan ang iyong tagabigay. Maaaring hindi komportable kung hindi mo pa ito nagagawa noon. Gayunpaman, maaaring makatulong ang sumusunod na impormasyon.

1. Ipaalam sa iyong tagabigay kung anong mga gawain ang dapat tapusin sa bawat oras na siya ay nagtatrabaho.

Kung tila walang sapat na oras upang gawin ang lahat ng mga pinahintulutang serbisyo, ikaw at ang iyong tagabigay ay dapat mag-usap tungkol sa kung paano magagamit nang husto ang oras na pinahintulutan ng IHSS. Kung nagbago ang iyong kondisyon at kailangan mo ng karagdagan o mas kaunting oras, makipag-ugnayan sa iyong tanggapan ng IHSS ng county.

2. Ipahayag ang iyong mga pangangailangan.

Kailangang malaman ng iyong tagabigay kung paano gawin ang mga bagay upang makumpleto niya ang mga gawain sa paraang gumagana para sa iyo.

- Maging malinaw. Ipaliwanag sa maayos na detalye kung maaari kung paano mo gustong kumpletuhin ng iyong tagabigay ang bawat pinahintulutang gawain. Tandaan ang bilang ng oras na pinahintulot sa iyong tagabigay para sa serbisyo. Maaaring mas komportable kang magsimula sa mga bagay tulad ng gawaing bahay o paglalaba bago pag-usapan ang anumang personal na pangangailangan sa pangangalaga.
- Maging matiyaga. Maaaring kailanganin mong paalalahanan ang iyong tagabigay kung paano mo gustong gawin niya ang mga bagay nang higit sa isang beses.
- Maging tiyak. Kung gusto mong gawin ang iyong pinahintulutang gawain sa isang partikular na paraan, ipaalam sa iyong tagabigay.

3. Maging makatuwiran sa iyong inaasahan.

Maaaring kailanganin ng bagong tagabigay na magtrabaho para sa iyo ng ilang beses bago matutunan ang iyong inaasahan at pangangailangan.

4. Ipaalam sa iyong tagabigay kung ano ang nangyayari.

- Magsabi ng positibo kapag ginawa niya ang mga bagay na ito sa paraang gusto mo.
- Makipag-usap upang maitama ang iyong tagabigay kapag ang mga gawain ay hindi nakumpleto sa paraang gusto mo. Magalang na ipaalam sa kanya kung paano mo gustong gawin ang mga bagay. Ang ilang mga

kapaki-pakinabang na tip ay kinabibilangan ng:

- Gumamit ng magiliw na tono ng boses.
- Huwag sisihin o hiyahin ang iyong tagabigay.
- Tratuhan ang iyong tagabigay nang may paggalang.

5. Mahalagang HUWAG hilingin sa iyong tagabigay na gawin ang mga hindi pinahintulatang mga gawain o serbisyong hindi saklaw.

Kapag tinasa ng social worker ang iyong mga pangangailangan, siya ang magpapasiya kung aling mga serbisyo ng IHSS ang papahintulutan para sa iyo. Hindi mo dapat hilingin sa iyong tagabigay na gumawa ng mga serbisyong hindi pinahintulutan o hindi saklaw ng IHSS. Kung kailangan mo ng tulong sa mga gawaing hindi saklaw ng programa ng IHSS, tulad ng pag-aalaga ng mga alagang hayop, tulong sa mga sulat o pananalapi, o pagsama sa mga aktibidad sa lipunan, dapat mong hilingin sa mga miyembro ng pamilya, kaibigan, mga nagboboluntaryo sa simbahan, o sa iba na makakatulong sa iyo. Kung magpapasya kang kunin ang iyong tagabigay ng IHSS na magtrabaho sa iyo upang magbigay ng tulong sa mga gawaing hindi IHSS, ikaw at ang iyong tagabigay ang may pananagutan na pumasok sa isang pinagkasunduang pagsasaayos ng trabaho at/o pagbabayad para sa tulong sa mga serbisyong hindi binabayaran ng IHSS.

6. Gamitin nang mabuti ang oras.

Bilang tagapag-empleyo at superbisor ng iyong tagabigay, trabaho mo na tiyaking kinukumpleto niya ang mga serbisyo ng IHSS sa loob ng pinahintulatang oras. Ang iyong tagabigay ay hindi dapat gumawa ng anuman maliban sa pagbibigay ng mga serbisyong IHSS sa iyo habang sila ay binabayaran bilang isang tagabigay ng pangangalaga sa IHSS.

Ang iyong tagabigay ay HINDI dapat:

- Gumawa ng mga personal na tawag sa telepono
- Nanonood ng TV
- Gumugol ng masyadong maraming oras sa pagbisita kasama mo
- Nagdadala ng mga bata o iba pa sa trabaho
- Gumawa ng kanyang personal na negosyo o gawain

**Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa
iyong lokal na tanggapan ng IHSS ng county.**